


4 Public Health Nurse

Ang mga public health nurse ay nurse na naka-assign sa munisipyo at mga health center ng siyudad at sila ang nagtuturo at nagbibigay ng payo sa mga tao ng komunidad kung paano pangalagaan ang kanilang kalusugan. Sila ang nag-aasikaso sa pagbibigay ng bakuna at pangangalaga sa kalusugan mula sanggol hanggang matanda. Pinakikinggan at inaalang nila ang estado ng kalusugan at nagbibigay suporta at payo sa mga mamamayan. Masasabing halos walang public nurse na nakakapagsalita ng ibang wika.

Kung mayroon sanang public nurse na marunong magsalita ng ibang wika, mas lalakas ang loob ng mga dayuhang humingi ng payo tungkol sa kalusugan. Ang trabahong ito ay angkop sa mga taong mahilig makipag-usap at may interes sa larangan ng kalusugan at medical service.

Para maging isang public health nurse



<Maagang preparasyon>

Para makapasok sa school kung saan maaring makapag-aral ng pagiging isang public health nurse, kinakailanganang ang talino at high level standard ng Japanese Language

Kinakailangang makakuha ng lisensiya sa pagiging nurse para makapagtrabaho bilang nurse.

<Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Kadalasan ang mga public health nurse ay nagtatrabaho sa health center ng bayan o prefecture. Subalit may civil examination para maging empleyado ng gobyerno. mayroong (37 Government employees references)

Ang average annual salary ng isang public health nurse ay 5,200,000 yen, depende kung saan naka destino.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Tingnan ang ika-6 Nurse • Assistant Nurse

Depende sa school na papasukan, mahigit 2,000,000 yen ang magagastos sa kursong ito.

<Scholarship>

Tingnan ang ika-6 Nurse • Assistant Nurse bilang reference.

